**Kagawaran ng Estado**
**Estados Unidos ng Amerika**

# KAYO BA AYPATUNGONG ESTADOS UNIDOS PARA MAGTRABAHO O MAG-ARAL NG PANSAMANTALA?

**Inaasahan naming magiging kawili-wili at kapaki-pakinabang ang inyong paninirahan sa bansang ito. At kung sakali namang magkaproblema kayo, mayroon kayong karapatang sa nararapat na lunas dito at may mga tutulong sa inyo!**

## May karapatan kayong:

- Tratuhin nang nararapat at suwelduhan nang patas;
- Huwag gawin kung ang ipinapagawa'y labag sa inyong kagustuhan;
- Pakaingatan ang inyong pasaporte at iba pang dokumentong nagsasaaad kung sino kayo;
- Malayang ipagbigay-alam ang mga paglabag sa karapatang pantao na walang takot ng paghihiganti;
- Makakuha ng tulong sa unyon, *immigrant* at *labor rights groups,* at iba pang grupo; at
- Humingi ng hustisya sa korte ng Estados Unidos.

**Ang inyong mga karapatan at iba pa' y ipinapaliwanag sa *pamphlet* na ito.**

**Kung kayo'y minamaltrato at ginagawan ng labag sa karapatang pantao, maaaring tawagan ang mga sumusunod na numero:**

**National Human Trafficking Resources Center**
**(Bukas nang 24 oras)**
**1-888-373-7888**
(pinapangasiwaan ng isang NGO)

**Trafficking in Persons and Workers Exploitation Task Force Complaint Line**
(Lunes hanggang Biyernes , 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. ET)
**1-888-428-7581**
(pinangangasiwaan ng ESTADOS UNIDOS Department of Justice)

**Kung kayo'y nasa panganib, kaagad tawagan ang 911.**

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa inyong karapatang makataong pagtrato at suwelduhan nang tama sa inyong serbisyo o trabaho, basahin ang pahina 5.

Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa karapatan na huwag manatili sa trabahong labag sa inyong kagustuhan, basahin ang pahina 7.

Ang pamphlet na ito'y sinulat batay sa U.S. Federal law, Public Law 110-457. Ito'y inilathala upang manaig ang batas at pangalagaan ang dignidad ng lahat ng taong papasok sa bansang ito. Ginagawa ng U.S. Government ang lahat upang masugpo ang *human trafficking,* paglabag sa hindi makataong pagtrato sa kapuwa at gayun din sa kawalan ng pagpapahalaga sa mga karapatang pantao.

## Tandaan!
## Huwag kalilimutang…May mga paraan para protektahan ang sarili habang nasa Estados Unidos

- Itagong mabuti ang pasaporte sa isang lalagyan na madaling makukuha anumang sandali;
- Mag-iwan ng kopya ng inyong pasaporte, visa, at kontrata sa trabaho sa inyong kapamilya, kamag-anak o kaibigan sa iyong pinanggalingang bansa;
- Palaging itago ang telephone number ng embahada o pinakamalapit na konsulado ng inyong bansa sa Estados Unidos;
- Laging dadalhin ang pamphlet para may reference habang naninirahan sa Estados Unidos;
- Gumawa ng listahan. Ilista kung kailan nagtrabaho, petsa, araw, at oras. Kung kailan sumuweldo at kung magkanong sinuweldo.
- **Tawagan ang National Human Trafficking Resource Center Hotline sa 1-888-373-7888** (bukas nang 24 oras) o ang **Trafficking in Persons and Worker Exploitation Task Force Complaint Line sa 1-888-428-7581** (bukas Lunes hanggang Biyernes, 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. ET) kung kailangan ninyong magpatulong.

# Paliwanag kung ano ang Nonimmigrant Visas

**Ano itong tinatawag na Nonimmigrant Visa?**

Isang uri ito ng dukumento ng Estados Unidos na nagpapahintulot sa isang tao na maglakbay patungong Estados Unidos ayon sa dahilan ng kanilang pagpunta sa Amerika. Halimbawa: mag-aral o magtrabaho.

May dalawang hakbang upang makakuha ng nonimmigrant visa:

1. Pag-aapply ng visa sa Embahada o Konsulado ng Estados Unidos; at
2. Pagpapakita ng visa sa isang opisyal ng *immigration* sa *port of entry*.

**Paalala**

Bago kayo magbiyahe patungong Estados Unidos, magtago ng dalawang kopya ng iyong mga papeles, lalo na ang pasaporte (na may tatak ng visa), kontrata, at ang mga dokumentong sinasaad kung sino kayo. Ibigay ang isang kopya sa taong pinagkakatiwalaan sa iyong bansa. Kapag dumating na kayo sa Estados Unidos at nakatanggap ng I -94,gumawa ng kopya nito at huwag iiwala ang original. Itago ang mga dokumento o mga papeles sa isang mahigpit na lalagyan.

**Ano ang mga mahahalagang bagay sa inyong papeles ang kakailanganin sa inyong paglalakbay?**

1. Ang visa- nakatatak ito sa inyong pasaporte, at dito sa pasaporte, may litrato ninyo, nakasulat ang petsa kung kailan mapapaso ang inyong visa. Kung napaso na ang inyong visa, hindi na kayo makapapasok ng Estados Unidos maliban na lamang kung kayo'y mag-aapply ng panibagong visa.

- Kung mayroon kayong *employment-based* na visa, nakalagay rin dito ang pangalan ng iyong *employer* o amo na siyang sponsor ninyo sa pagtatrabaho sa Estados Unidos.
- Ang iyong panandaliang *work visa* **ay hind nagbibigay ng permiso** na kayo aymagtrabaho **sa ibang** *employer* na hindi nakasaad sa iyong kontrata. Bihira ang pangyayari na maaring magpalit ng *employe*r ang isang *visa holder*.
- Hindi naman kinakailangang ipagpatuloy ang inyong pagtatrabahong ito kung kayo'y inaabuso at minamaltrato sa anumang paraan ng inyong *employer*.

2. Ang I -94 card- Ito'y kulay puting card na ibinibigay pagpasok ninyo sa Estados Unidos. Sinasabi dito ang petsa kung hanggang kailan lamang kayo maaring manatili sa Estados Unidos.

**Pakaingatan at huwag iwawala ang card na ito!**

**Paalala**

Pagdating na pagdating ninyo sa Estados Unidos, itago ang mga papeles at dokumento ninyo sa isang mahigpit na lalagyan na madaling madali ninyong makukuha anumang oras na kakailanganin ito! Labag sa batas na kunin at itago ng employer ang inyong pasaporte.

# Ang Inyong Mga Karapatan sa Lugar ng Inyong Trabaho sa Estados Unidos

May iba't ibang proteksyon na angkop sa kategorya ng inyong visa. Ang mga ito'y nakabalangkas sa ibaba ayon sa iba't ibang kategorya ng visa.

**A-3, G-5, at B-1 domestic employee visa**

- Kung kayo'y nagtatrabaho at isang diplomat ang amo (A-3 visa) o sa isang kinatawan ng pandaigdigang organisasyon (G-5 visa), o kayo'y isang DH (domestic Helper na mayroong B-1 visa, dapat na bigyan kayo ng inyong amo ng kontrata sa trabahong ito na ayon sa batas ng Estados Unidos.
- Dapat na nakasulat sa kontrata ang mga sumusunod na mga probisyon:
  - Kasunduan na hindi ang inyong amo ang magtatago ng inyong pasaporte, kontratang kayo'y may trabaho, o may mga gamit na pampersonal;
  - Kasunduan na susunod sa mga batas ng Estados Unidos ang inyong amo;
  - Paliwanag kung magkano ang inyong sahod, at kung paano, o ilang beses susuweldo.
  - Dapat isaad kung ano ang inyong tungkulin sa trabaho, oras ng trabaho, pista opisyal, araw ng pagkakasakit, at araw ng bakasyon.
- Siguraduhing naiintindihan ninyo ang nilalaman ng iiyong kontrata. Kung hindi ninyo naiintindihan ang lingguwaheng ginamit sa kontratang nakasulat humingi kayo ng tulong sa taong mapapagkatiwalaan ninyo na ipaliwanag sa inyo ang kontrata sa lingguwaheng inyong naiintindihan. **Huwag basta pipirmahan ang isang kontratang hindi ninyo naiintindihang mabuti!**
- Pag-aapply ninyo ng visa, kakausapin kayo ng isang Consular Officer at ikukumpirma sa inyo kung naayon sa batas ng Estados Unidos ang inyong kontrata. Huwag mahihiya, mag-alinlangan at mag-atubiling magtanong sa Consular Officer. Hindi ninyo dapat kasama ang inyong amo sa pakikipag usap sa Consular Officer.
- Kung pumirma kayo sa isang kontrata na lumalabag sa inyong mga karapatan, o kung hindi sumunod ang inyong amo sa mga probisyon sa kontrata, tumawag agad sa *hotlines* na nakalista sa *pamphlet* na ito. Matutulungang kayong makahanap ng abugadong makapagpapaliwanag ng inyong mga karapatan sa ganitong kalagayan.

**H-1B and H-1B1 visas para sa gawaing magperform sa tanghalan ("*performing services in specialty occupation")***

- Kung pupunta kayo sa Estados Unidos upang magtanghal sa isang *specialty occupation* o bilang isang propesyunal na modelo o artista sa isang uri ng palabas, sumangguni sa www.Travel.State.gov para sa karagdagang impormasyon tungkol sa inyong mga karapatan at kung paano makakapagpalit ng amo.

**H-2A visa para sa pansamantalang manggagawa sa agrikultura**

- Kung kayo'y pansamantalang manggagawa sa agrikultura, dapat ay makatanggap kayo ng nakasulat na paliwanag tungkol sa mga termino at kondisyon sa inyong trabaho na hindi lalampas sa inyong unang araw sa trabaho. Ang dokumento ay dapat na may detalyadong

impormasyon tungkol sa inyong benepisyo, sahod, pabahay, tagal ng trabaho, at benepisyo sa transportasyon na manggagaling sa inyong amo.

- May karapatan kayo sa nararapat kabayaran o sa mas mataas na sahod na tinakda ng gobyerno ng Estados Unidos. Naaayon ang halaga ng suweldo depende sa bayad kada oras o kada piraso.
- Hindi ninyo kailangang magbayad ng *social security taxes* sa Estados Unidos o bayad para sa *labor recruiter* sa iyong bansa.
- Dapat kayong bigyan ng inyong amo ng malinis at walang panganib na pabahay nang walang bayad, libre!
- Dapat na bayaran ng inyong amo ang inyong pamasahe mula sa inyong bansa hanggang sa lugar kung saan kayo magtatrabaho pagkatapos na makumpleto ang kalahati ng panahon ng inyong kontrata; at dapat na bayaran ng inyong amo ang pamasahe ninyo pauwi matapos ang kontrata.
- Isang nararapat at siguradong trabaho ang dapat ninyong makuha na hindi bababa sa 3/4 sa bilang ng mga araw ng trabaho na nakasaad sa kontrata maliban na lamang kung napalitan kayo ng isang manggagawang mula mismo sa Estados Unidos sa unang kalahati ng kontrata.

**H-2B visa para sa pansamantalang manggagawa (hindi pang-agrikultura)**

- Kung kayo'y isang pansamantalang manggagawa (hindi pang-agrikultura), Kayo'y nararapat sumuweldo nang kapantay o mas mataas sa umiiral na pasahod, na hindi bababa sa *federal, state*, o lokal na legal na pinakamababang pasahod. Ganito ang pasahod kung kayo'y binabayaran ng kada oras or kada piraso.
- Dapat kayong bayaran ng inyong amo sa inyong pamasahe pauwi kung ang inyong trabaho ay natapos na or kung kayo'y natanggal sa kadahilanang walang kinalaman sa inyong pagtupad sa dapat gawin bilang manggagawa bago matapos ang inyong kontrata.
- May karapatan kayo sa termino at kondisyon ng kontratang kagaya ng mga manggagawa sa Estados Unidos sa lugar na inyong pinagtatrabahuhan.
- Hindi kayo dapat nagbabayad sa mga *labor recruiter* sa iyong bansa.

**J-1 exchange visitor visas**

- Tatlong linggo ang pinakamaiksing tagal ng isang J-1 *exchange program*. Maaring itong maiksi sa tatlong linggo kung ang gobyerno ng Estados Unidos ang magtutustos ng inyong programa. Kailangan ang Form DS-2019 kapag nag-apply ng J-1 visa. Nakasaad sa Form DS-2019 ang kategorya ng *exchange* at mga petsa ng umpisa at katapusan ng programa. Bukod sa Form DS-2019 at base sa kategorya ng *exchange*, maaring magkaroon ng iba pang dokumento o kontrata na magsasaad ng sakop ng *exchange program*.
- Siguraduhing tama at naipaliwanag ng inyong *program sponsor* ang halaga ng gagastusin, kondisyon at sakop ng *exchange program*. Katungkulan ng inyong *sponsor* na bigyan kayo ng kaalaman at paliwanag ng mga sumusunod:
  - ang J-1 *program* at paglalarawan ng uri at patakaran ng programa na inyong sasalihan;
  - pagbiyahe at pagpasok sa Estados Unidos;

– tirahan;
– halaga ng mga babayaran, *insurance*, gastos sa pang-araw-araw, at gastos pang-medikal;
– buhay at kaugalian sa Estados Unidos;
– mga lugar na mapagkukuhanan ng pangangailangan;
– kinaroroonan, pangalan, at numero ng telepono ng inyong *sponsor* o taong mananagot sa inyo habang nasa United States;
– kinaroroonan at numero ng telepono ng *Exchange Visitor Program Services* ng Department of State; at
– Babasahin tungkol sa *Exchange Visitor Program* na mula sa Department of State.

- Kung pupunta kayo ng Estados Unidos sa pamamagitan ng *Summer Work Travel program* at wala pa kayong mapapasukan, tungkulin ng inyong *sponsor* na tulungan kayong maghanap ng mapapasukan sa unang linggo ng iyong pagdating sa Estados Unidos. Tungkulin din ng inyong *sponsor* na tiyakin na sapat at kapantay ng mga kasamahang ninyong taga-Estados Unidos ang matatanggap ninyong benepisyo at sahod.
- Kung para sa *training and internship program* ang iyong J-1 *visa:*

– Kailangang kayong makausap ng inyong *sponsor* sa pamamagitan ng telepono, *web camera*, o pagkikita nang personal ;
– Kailangang kayong mabigyan ng inyong *sponsor* ng *Training/Internship Placement Plan* (Form DS-7002) bago mag-*apply* ng *visa*. Nakasaad sa Form DS-7002 ang buod ng inyong *training objectives* at ng matatanggap ninyong sustento.
– Kailangang kayong mabigyan ng inyong *sponsor* ng kasulatan ng halaga ng babayaran ninyo para sa inyong programa at humigit kumulang kung magkano ang gastos sa pang-araw-araw habang nasa United States.
– Kailangang hindi bababa ng 32 na oras kada linggo ang inyong *training/internship*; at
– Kung agrikultura ang inyong *training/internship*, kailangang naaayon sa batas ng Estados Unidos ang magiging sahod ninyo at kalagayan sa trabaho.

- Dapat siguruhin ng inyong *sponsor* na mayroon kayong *insurance coverage* pang-medikal kahit hindi siya ang sasagot nito.
- Kung magtatrabaho kayo sa Estados Unidos, kailangang kumuha ng sariling *Social Security number* dahil gagamitin ninyo ito sa pagbabayad ng buwis. Tungkulin ng inyong pinagtatrabahuhan na ideklara ang lahat ng buwis na inyong binayaran.
- Kung isasama ninyo ang inyong asawa at menor de edad na anak sa ilalim ng J-2 *visa*, maaari silang humingi ng pahintulot para magtrabaho kung hindi sapat ang inyong kinikita para sa buong pamilya.

**Para sa karagdagang kaalaman tungkol sa iba't ibang klase ng *visa* at proseso ng pagpasok sa Estados Unidos, pumunta sa website ng U.S. Department of State:**

**www.Travel.State.gov**

# Ang Inyong Mga Karapatan Kahit Ano Pa Ang Estado ng Inyong *Visa*

Marami kayong karapatan habang nasa Estados Unidos kahit ano pang uri ang hawak ninyong *visa*. Kung nalabag ang inyong karapatan, maaari kayong magsuplong sa ahensiya ng gobyerno ng Estados Unidos na nagpapatupad ng mga batas. Maaari din kayong magsampa ng demanda upang mabawi ninyo ang nawala sa inyo nang hindi nag-aalala na kayo'y mapaparusahan.

**1. Ang Inyong Karapatang Hindi Magantihan o Maparusahan**

- Labag sa batas ang parusahan kayo ng inyong pinagtatrabahuhan. Isang halimbawa nito ang pagbabanta sa inyo na isusuplong kayo sa mga pulis kung ipinipilit ang inyong mga karapatan. Kung binabantaan kayo ng inyong amo, **kaagad humingi ng tulong. Lagi ninyong unang isipin ang inyong kapakanan.**

**2. Ang Inyong Karapatang Mabayaran ng Sapat at Tama**

- Karapatan ninyong tumanggap ng sahod o kabayaran para sa lahat ng ginawa ninyong trabaho na pantay sa mga mangagawang taga-Estados Unidos.
- Karapatan niyong tumanggap ng sapat na sahod ayon sa tinakdang *minimum wage* ng gobyerno ng Estados Unidos. Katulad ng mga manggagawang taga-Estados Unidos, $6.55 kada oras ang pinakamaliit na dapat ninyong matanggap at $7.25 kada oras simula July 24, 2009. Kailangan rin ninyong tingnan:
  - Ang *minimum wage* na tinakda sa lugar o ***state*** ng inyong pagtatrabahuhan. Karapatan ninyong tumanggap ng mas mataas na halaga kung iyon ang tinakdang *minimum wage* ng state o lugar kung saan kayo magtatrabaho.
  - Ang inyong kontrata sa trabaho, baka sakaling mas mataas ang sahod na nakasulat dito.
- Halos lahat ng nagtatrabaho sa Estados Unidos ay tumatanggap ng dagdag na sahod dahil sa *overtime*. Matuturing itong *overtime* kapag nagtrabaho ng mahigit 40 oras sa isang linggo at dapat na isa't kalahating (1.5) beses ng halaga ng inyong kasalukuyang sahod ang ibabayad sa inyong ginawang *overtime*. Halimbawa, kung $10 kada oras ang inyong kasalukuyang sahod, kailangang $15 ang matatanggap ninyong sahod sa bawat oras ng inyong *overtime*.
- *Deduction* ang tawag sa pagkuha ng inyong amo ng ilang bahagi ng inyong matatanggap na sahod. Hindi legal ang *deduction* kung ito ay pagbawas ng inyong sahod ng mas maliit pa kaysa sa itinakdang *minimum wage* ng gobyerno ng Estados Unidos. Halimbawa, hindi kayo dapat bawasan ng sahod para sa inyong tirahan (may mga *visa status* na libre ang bayad sa tirahan), uniporme, gamit para sa kaligtasan bilang manggagawa, o *recruitment fee*.

**PAALALA**

**Ilista ang mga nagawang trabaho sa isang *notebook*.** Isulat ang lahat ng petsa at oras na nagtrabaho kayo at halaga ng sahod na inyong nakuha. Isulat din ang lahat ng halaga ng *deduction* mula sa inyong sahod at dahilan ng *deduction*.

**3. Ang Iyong Karapatan Laban sa Diskriminasyon**

- Bilang manggagawa, mayroon kayong karapatan na huwag tratuhin ng masama o kakaiba dahil sa inyong kasarian, lahi, nasyonalidad, kulay, relihiyon, o kahinaan.
- Ang inyong amo ay dapat magbayad ng patas na halaga sa bawat manggagawa para sa gayun

ding klase ng trabaho at bigyan ang bawat manggagawa ng sapat at patas na oportunidad upang umasenso sa trabaho ano man ang inyong kasarian , lahi, nasyonalidad, kulay, relihiyon, o kahinaan.

- Hindi kayo dapat pilitin ng inyong amo na magsalita ng Ingles lamang habang nasa trabaho maliban na lang kung mayroong inportanteng dahilan at kinakailangan ang pagsasalita ng Ingles lamang.

**4. Ang Inyong Karapatan Bilang Isang Babaeng Manggagawa**

- **Hindi kayo dapat** tratuhin ng inyong boss ng masama o kakaiba dahil kayo ay isang babae o dahil kayo ay buntis – ito ay isang diskriminasyong sekswal. Lalake man o babae ay **hindi dapat** sumailalim sa sekswal na pambabastos ng amo. Ang isang amo ay hindi dapat:
  - Utusan o pilitin ang empleyado na sumailalim sa mga malalaswang gawain;
  - Hawakan o hipuan ang empleyado sa isang sekswal na pamamaraan;
  - Magsalita o magsisigaw ng malaswa at masasakit na salita.

**PAALALA**

Ilista ninyo ang bawat masasakit na salita o aksyon na sinabi o ginawa sa inyo ng inyong amo at isulat ang mga pangalan at telepono ng lahat ng nakasaksi sa pangyayari.

**5. Ang Inyong Karapatan Para sa Isang Walang Panganib at Maayos na Lugar-Trabaho**

- Ang lahat ng manggagawa ay may karapatan para sa isang walang panganib at malinis na paligid sa lugar na pinagtatrabahuhan:
  - **Tirahan**: Kung ang inyong amo ang siyang magbibigay sa inyo ng lugar na titirahan, siguraduhing ito ay malinis, walang panganib, at matibay ang istraktura.
  - **Paliguan**: Ang mga paliguan ay kinakailangang malinis at maayos
  - **Malinis at maaaring inumin na tubig**: Kung ang iyong trabaho ay sa agrikultura, karapatan ninyo ang makagamit ng malinis na tubig inumim at panghugas ng kamay.
  - **Sakit o pinsala sa trabaho**: Kung kayo ay nagkapinsala o nagkasakit habang nasa trabaho, maaari kayong magpatingin sa doktor. Kadalasan ay libre ito. Maaari rin kayong makakuha ng ilang bahagi ng inyong sahod habang kayo ay mayroong kapansanan.
- Kung sa inyong trabaho ay kinakailangan ninyong gumamit **ng *pesticide* o mga mapanganib na kemikal**, o di kaya naman ay may mga *pesticide* at kemikal sa lugar na inyong pinagtatrabahuhan:
  - Kayo ay may karapatang makapaghugas ng kamay sa malinis na tubig pagkatapos hawakan o gamitin ang kemikal. Nararapat din na kayo ay bigyan ng sapat at naaangkop na pagsasanay sa wastong paggamit ng *pesticide* o kemikal sa unang limang araw ng inyong pagtatrabaho.
  - Tungkulin ng inyong amo na ipaalam sa inyo at sa lahat ng manggagawa kung saan at kailan naglagay ng *pesticide* o kemikal upang makaiwas sa anumang aksidente at di-inaasahang

**B A B A L A !**

**Hindi kayo maaaring pilitin ng inyong amo na gawin ang isang bagay na labag sa inyo o piliting magpunta saan man, kahit pa pabalik sa inyong bansa, sa pamamagitan ng pag-ipit ng inyong sahod.**

sakuna. Walang empleyado ang dapat manatili sa isang lugar na kasalukuyang ginagamitan ng *pesticide* o kemikal.
  - Kung hinihingi sa inyong trabaho na kayo ay maghalo ng pesticide o gumamit ng *pesticide* at kailangan ninyong gumamit ng kasuotang panlaban sa mga kemikal (*coveralls, respirator, mask*), dapat kayong bigyan ng kasuotang malinis at nasa maayos na kondisyon.
- **Biglaang pangangailangang pang-medikal o emergency**: Sa mga ganitong pagkakataon, tumawag lamang sa **911** at humingi ng ambulansya.
  - Ang inyong magagastos ay maaaring bayaran ng inyong amo kung kaya't kailangang masabi ninyo ito agad sa kanya upang maipasa niya ang mga kinakailangang papeles.
  - Kapag nasa ospital o klinika, laging humingi ng kopya ng mga papeles na may kinalaman sa inyong sakit.

**6. Ang Inyong Karapatang Sumali sa Isang Unyon at Lumahok sa Isang Pakikipagnegosasyon**

- Maliban lamang sa iilan, ang lahat ng empleyadong nagta-trabaho sa Estados Unidos ay may karapatang bumuo at sumali sa isang unyon, kahit pa anong estado ng manggagawa. Ito ay nakasaad sa batas pederal ng bansa. Ang inyong amo ay hindi maaaring gumawa ng hakbang laban sa inyo dahil dito. Ang ibig sabihin nito ay maaari kayong:
  - Sumali sa ibang kasamahang manggagawa upang isulong ang mungkahing mapabuti ang kinikitang sahod at gumanda ang kondisyon sa pagtatrabaho.
  - Dumalo at makilahok sa mga pampublikong demonstrasyon, rally, at mga talumpati.
  - Sumali sa unyon at iba pang organisasyong may kinalaman sa trabaho.

**7. Ang Inyong Karapatan na Mabigyan ng Proteksyon Ayon sa Batas**

- Tawagan ang mga hotline na nakalista sa pamplet na ito para malaman ang mga organisasyong maaari ninyong hingan ng tulong hinggil sa inyong mga karapatan na naaayon sa lugar ng inyong pinagta-trabahuhan.

**8. Ang Inyong Karapatang Iwanan at Umalis Sa Isang Mapagsamantala at Mapang-abusong Kalagayan sa Pagtatrabaho**

- Hindi ninyo kinakailangang manatili sa inyong trabaho kung ang inyong amo ay mapang-abuso.
- Ngunit, kung kayo ay nagtungo sa Estados Unidos sa ilalim ng "*employment-based*" na visa at umalis kayo sa inyong amo, ang inyong estado ay mawawala na. Maaari kayong magpapalit ng klasipikasyon ng inyong visa o di kaya ay magpalit ng pinagta-trabahuhan, depende sa klase ng visa na mayroon kayo. Maaari rin kayong manatili sa Estados Unidos ng ligal para makapaghain ng pormal na reklamo laban sa amo.
- Maaari kayong maghain ng pormal na reklamo o magsampa ng demanda laban sa inyong amo habang kayo ay nagta-trabaho. Mayroong angkop na multa at kaparusahan para sa isang among nagpapahirap at nagpaparusa sa kanyang manggagawa dahil sa pagsulong nito ng kanyang mga karapatan.
- Kung kayo ay nakakaranas ng problema sa inyong amo, maaari kayong tumawag sa mga numerong nakalista dito sa pamplet na ito. Ituturo nila sa inyo ang isang lokal na organisasyon na maaaring makatulong sa inyo at makakapagbigay sa inyo ng mga maaari ninyong gawin.

**PAALALA**

Ang lahat ng nasa Estados Unidos ay may mga karapatan at walang sinuman ang maaaring magtanggi nito. Maraming mga organisasyon ang maaaring tumulong sa inyo. Huwag matakot na humingi ng tulong para pangalagaan ang inyong karapatan.

# Pangangalakal ng Tao (*Human Trafficking*)

**1. Ano ang pangangalakal ng tao?**
Ang pangangalakal ng tao o human trafficking ay uri ng sukdulang pang-aabuso sa trabaho na maaring maranasan ng isang manggagawa sa Estados Unidos. Kadalasan ito'y nangyayari kung ang isang tao ay na-*recruit*, dinala, o itinago na labag sa kanyang kagustuhan para mapagsamantalahan. Para sa mas buong paliwanag ukol sa human trafficking, maari itong makita sa www.state.gov/g/tip (hanapin ang *Legislation-Trafficking Victims Protection Act*).

Ang mga sumusunod ay babala na may nagaganap na pangangalakal ng tao:

**Pananakot at Pagbabanta**
Ang mga amo, o ang mga taong tumutulong sa amo, ay maaring gumamit ng pagbabanta at iba pang uri ng pananakot upang kayo aymatakot na umalis sa isang lugar. Halimbawa:

- Pananakot ng pambubugbog, pananakit na pisikal, o abusong sekswal;
- Pagkulong o pagpigil na umalis ang isang manggagawa;
- Pagbabanta ng masama sa manggagawa o sa pamilya nito kung ito ay magtatangkang umalis, magsuplong sa kinauukulan, o magreklamo ng pang-aabuso;
- Pagbabanta na pababalikin sa pinanggalingang bansa, pag-aresto, o pagsumbong sa mga pulis kung ang manggagawa ay magtatangkang umalis, magsuplong, o humingi ng tulong;
- Ang amo, o ang nagtatrabaho para sa amo, ay magbabanta at mananakit ng kapwa manggagawa na magtatangkang umalis, magsuplong, o humingi ng tulong; o magbabanta na ang sinumang magtatangkang tumakas ay mahuhuli at ibabalik din sa lugar na pinagtatrabahuhan.

**Batas at Kontrol**
Ang mga amo, at mga taong tumutulong sa mga ito, ay maaring gumamit ng batas o kontrol upang maging mahirap para sa isang manggagawa ang umalis, magreklamo ukol sa pang-aabuso, o humingi ng tulong. Halimbawa:

- Batas laban sa pag-alis sa lugar ng trabaho, o mahigpit na batas ukol sa mga lugar na maaaring puntahan kung hindi oras ng tabaho;
- Batas laban sa paghawak ng inyong sariling pasaporte, visa, birth certificate, o iba pang pagkakakilanlan;
- Pagtangging bigyan ng sapat na pagkain, tulog, o tulong pang-medikal; o
- Pagpigil sa inyo na makipag-usap nang malaya sa inyong pamilya o ibang manggagawa sa labas ng trabaho.

**Panloloko at Kasinungalingan**
Ang mga amo, at mga taong tumutulong sa mga ito, ay maaring gumamit ng panloloko at kasinungalingan. Halimbawa:

- Maling pangako tungkol sa kondisyon sa trabaho at sa tirahan, o sa sahod;
- Pagsasabi sa inyo na kayo'y walang karapatan;
- Pagsasabi sa inyo na kayo'y hindi paniniwalaan kung kayo'y magtatangkang humingi ng

tulong; at

- Pagtuturo sa inyo na magsinungaling tungkol sa inyong tunay na pagkatao.

**PAALALA**

**Bago umalis patungong Estados Unidos**, makipag-usap sa samahan ng mg migranteng manggagawa o sa mga dating migranteng manggagawa at humingi ng mga pangalan at numero ng mga tao o samahan na maaari mong matawagan kung mayroon kang problema o katanungan habang ikaw ay nasa Estados Unidos.

**2. Ano ang dapat ninyong gawin kung ang mga ito ay nangyayari sa inyo?**

- Kung alinman sa mga ito ang nangyayari sa inyo, o kung kayo’y nasa mapanganib na sitwasyon, **humingi kayo agad ng tulong sa pagtawag sa 911**, sa National Human Trafficking Resource Center (1-888-373-7888), o sa Trafficking in Persons and Worker Exploitation Task Force Complaint Line (1-888 -428-7581). Sila ay makatutulong na ituro sa inyo ang local na samahan na maaring tumulong sa mga biktima ng pangangalakal ng tao sa inyong lugar ng trabaho.
- Kung kayo’y nasa pisikal na panganib, dapat kayong tumawag sa **911** upang tumawag ng pulis. Kung kayo’y tatawag sa pulis, ipakita ang pamphlet na ito and sabihin sa kanila ang uri ng pang-aabuso na inyong naranasan.

**3. Kami ba aymade-deport o maibabalik sa aming bansang pinanggalingan kung magsusumbong kami sa ginagawa sa aming pang-aabuso?**

Mayroong mga programa upang pangalagaan ang mga taong biktima ng pang-aabuso. Hindi kayo dapat matakot na humingi ng tulong kahit pa kayo aymayroong problema sa *immigration*. Kailangan ninyong kumonsulta sa isang abogadong eksperto sa immigration at hindi nagtatrabaho sa inyong amo. Ang hotlines na nabanggit sa taas ay maaaring tumulong sa inyo upang makakita ng taong maaring magpayo sa inyo.

- Kung kayo’y biktima ng pangangalakal ng tao o anumang mabigat na krimen, kabilang ang panggagahasa o pang-aabusong sekswal, kayo’y maaaring mabigyan ng ibang uri ng nonimmigrant visa, gaya ng T visa (para sa biktima ng pangangalakal ng tao o human trafficking) o U visa (para sa biktima ng ibang mabigat na krimen). Ang mga visa na ito ay ginawa upang magbigay ng proteksyon sa ilang biktima ng krimen na nangangamba sa estado ng kanilang pamamalagi sa Estados Unidos. Maraming tao ang hindi pamilyar sa mga uri na ito ng visa at kayo’y maaaring tumulong upang iparating ito sa kanila.

**4. Anu-anong mga serbisyo ang mayroon para sa mga biktima ng pangangalakal ng tao?**

- Kung kayo aybiktima ng pangangalakal ng tao sa Estados Unidos, kayo’y maaaring magkaroon ng karapatan sa benepisyo, serbisyo, at iba pang solusyon ukol sa inyong immigration sa ilalim ng programa ng pamahalaan.
- Maraming samahan ang maaaring tumulong sa inyo upang makamtan ang mga serbisyong ito, kasama na ang pangangalagang medikal, mental, pabahay, legal, paghahanap ng trabaho, at iba pang benepisyong pampubliko.

# Alamin ang Iyong Mga Karapatan

## Tumawag sa isa sa mga numerong nakalista sa pamphlet kung ikaw ay nangangailangan ng tulong.

Kayo’y nakatanggap ng pamphlet na ito dahil kayo’y nag-apply ng nonimmigrant visa para magtrabaho o mag-aral pansamantala sa Estados Unidos. Ang layunin ng pamphlet na ito ay upang inyong maintindihan ang inyong mga karapatan pagdating ninyo sa Estados Unidos.

Ang pag-unawa sa inyong mga karapatan ay makatutulong upang kayo’y ma-protektahan sa mga pang-aabuso. Itago inyo ang pamphlet na ito sa inyong pagpunta sa Estados Unidos kung sakali na kayo’y mangailangan ng tulong.

Ang pamphlet ay ginawa upang makatulong sa inyo laban sa mga malubhang pang aabuso, gaya ng illegal na pangangalakal ng tao. Ang pangangalakal ng tao ay isang uri ng modernong pang aalipin na kung saan ang mga amo or ilang indibidwal ay nagdudulot ng pisikal or psychological na pang aabuso kung saan maaring maramdaman ng isang tao na hindi na niya maiiwan ang ganoong sitwasyon. **Ang malaman at matiyak na kayo’y nasa isang mapang abusong sitwasyon sa trabaho ay ang unang hakbang sa paghingi ng tulong.**

Kung sa pagdating ninyo sa Estados Unidos ay nagkaroon kayo ng problema sa trabaho, dapat ay humingi agad ng tulong. Huwag maniwala sa inyong amo kung sinabi niya na kayo aywalang legal na karapatan sa Estados Unidos. Huwag tumanggap ng legal na payo mula sa inyong amo, contractor, o recruiter. Ang inyong abugado na kumakatawan sa inyo ang tanging maaaring magbigay sa inyo ng legal na payo.

Kung sa tingin ninyo aynalalagay kayo sa katayuang may paglabag sa inyong kararatan, ang mga numero na nakalista sa pamphlet na ito ay makakatulong sa pag-abot sa mga lokal na organisasyon na maaaring magbigay ng tulong sa iniyo. **Huwag matakot makipag- ugnayan sa mga organisasyong ito! Sila ay nariyan upang tumulong.**

Ang pamphlet na ito ay hindi panghalili sa legal na payo. Mayroong iba’t ibang tipo ng temporary visas para sa trabaho at pag-aaral, hindi kayo dapat matakot magtanong ng impormasyon tungkol sa inyong visa.

**KUNG ANG KARAPATAN NINYO’Y NILABAG, TUMAWAG SA MGA SUMUSUNOD NA TOLL-FREE NUMBERS:**

**National Human Trafficking Resource Center**
**1-888-373-7888**
**(24 hours)**

**Trafficking in Persons and Worker Exploitation Task Force Complaint Line**
**1-888-428-7581**
**(Monday-Friday, 9am-5pm Eastern Time)**

April 2011